County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2,
San Jose, CA 95112
General Mailing: P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-1360
Phone: 408-299-VOTE (8683); Toll Free: 866-430-VOTE (8683); FAX: 408-998-7314
www.sccvote.org

Minamahal na Botante,

Ipinapadala ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ang liham ng **Pahayag Kaugnay sa Hindi Napirmahang Balota** na ito dahil hindi mo napirmahan ang iyong sobre ng pansamantalang balota. Ang iyong boto ay hindi maipoproseso maliban lamang kung susundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa liham na ito.

Upang itama ang nakaligtaan na ito, kailangan mong kumpletuhin ang isa sa mga opsyon na nakalaan sa tagubilin sa likurang bahagi ng liham na ito. Dapat matanggap ng Tagapagrehistro ang pahayag ng likurang bahagi ng liham na ito o maaari kang bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang pirmahan ang iyong orihinal na sobre ng balota ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon ng Huwebes, Disyembre 3, 2020** upang matiyak na maipoproseso at mabibilang ang iyong Pansamantalang Balota.

County of Santa Clara **Registrar of Voters** 1555 Berger Drive, Building 2 San Jose, CA 95112 **Walang Bayad:** 866-430-VOTE (8683) **Fax:** 408-998-7314 **Email:** voterinfo@rov.sccgov.org	**Regular na Oras na Bukas ang Opisina:** Lunes – Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon *(Hindi kasama ang Pista Opisyal)*
Para sa mga direksiyon patungo sa aming opisina, bisitahin ang: **www.sccgov.org/sites/rov/Resources/Pages/HoursLocationsDirections.aspx**	

Ang iyong Pahayag Kaugnay sa Hindi Napirmahang Balota ay dapat matanggap ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara sa ika-5 ng hapon sa Disyembre 3, 2020.

Board of Supervisors: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
County Executive: Jeffrey V. Smith

BASAHIN NANG MAIGI ANG MGA TAGUBILING ITO. ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA TAGUBILING ITO AY MAARING MAGING DAHILAN NG HINDI PAGKAKABILANG NG IYONG BALOTA.

Upang maipoproseso ang iyong Pansamantalang Balota, punan ang pahayag sa ibaba at pirmahan ang linyang nasa taas ng "Pirma ng Botante". Maaaring ibalik ang iyong napirmahang pahayag gamit ang mga sumusunod na opsiyon sa pagbabalik:

1. **I-email ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ang iyong na-email na pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Disyembre 3, 2020**. Ang email address ay voterinfo@rov.sccgov.org.
2. **Ipadala ang iyong napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina sa kalakip na sobreng bayad na ang selyo.** Ang pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina sa direksiyong nasa ibaba ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Disyembre 3, 2020.** Hindi tatanggapin ang mga tatak ng koreo.
3. **I-fax ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ang iyong na-fax na pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Disyembre 3, 2020.** Ang numero ng fax ay 408-998-7314.
4. **Pumunta nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.** Maaari kang pumunta sa aming opisina sa direksiyong nasa ibaba, Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon upang PIRMAHAN ang iyong orihinal na sobre ng Pansamantalang Balota o ibalik ang Pahayag Kaugnay sa Hindi Napirmahang Balota. Dapat itong maisagawa ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Disyembre 3, 2020.**

PAHAYAG KAUGNAY SA HINDI NAPIRMAHANG BALOTA

Ako, si _____ , ay isang rehistradong botante ng County ng Santa Clara sa
(Pangalan ng Botante)

Estado ng California. Nanunumpa ako sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa hukuman, at ako ang taong tinutukoy ng pangalang nasa sobre ng Pansamantalang Balota. Nauunawaan ko na kung gagawa o susubok ako ng anumang pandarayang may koneksiyon sa pagboto, o kung tutulong ako sa, o mag-uudyok ng pandaraya o kung susubukan kong tumulong sa, o mag-udyok ng, pandarayang may koneksiyon sa pagboto, maaari akong mahatulan ng isang mabigat na kasalanan na mapaparusahan ng pagkakakulong nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na kapag hindi ko pinirmahan ang pahayag na ito, hindi maipoproseso ang aking pansamantalang balota.

(Pinirmahan) _____
Pirma ng Botante (hindi tatanggapin ang kapangyarihan ng abugado)

(Testigo) _____
Kung hindi makakapirma ang botante, ang botante ay maaaring gumawa ng markang dapat saksihan ng isang testigo.

Pinetsahan ngayong _____ araw ng _____ , 2020.

Direksiyon ng Tirahan: _____
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo ng Postal

Direksiyong Pangkoreo: _____
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo ng Postal

County of Santa Clara Registrar of Voters
Address: 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112
Mailing Address: PO Box 611360, San Jose, CA 95161-1360
Toll Free: 866-430-VOTE (8683); **Fax:** 408-998-7314; **Website:** www.sccvote.org

Board of Supervisors: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
County Executive: Jeffrey V. Smith